# *Pagninilay sa Aklat ng Ruth Yugto 7*

Tayo ay magpapatuloy sa mensaheng ito na ating nasimula as pagninilay mula as aklat ng Ruth

***"10 Nang magkagayo'y nagpatirapa siya at yumukod sa lupa, at nagsabi sa kaniya, Bakit ako nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin na nilingap mo ako, dangang ako'y taga ibang lupa?" (Ruth 2:10)*** Si Ruth sa kanyang ginawa dito sa pagtugon sa maayos na pagtangggap ni Boaz patungo sa kanya, ito'y nagpapakita na siya ay nagpapakumbaba, nangagpasalamat, at nagpapasalamat. Siya ay walang pagmamalaki, ang kanyang ulo ay hindi naging malaki nang siya ay pinakitunguhan nang maayos ni Boaz. Siya ay mapagkumbaba hindi lamang dahil siya'y yumukod, bagama't marami ang ayaw yumukod. Ngunit siya ay mapagkumbaba dahil tinanggap niya na siya ay  taga ibang lupa. Tinanggap niya iyon na kung anong kanyang tinatanggap ay pabor lamang dahil siya ay hindi mula sa bayan ng lupain.

Marami kapag tinanggap nila ang pagkilala o papuri, o dagdag sa kita, o isang pagsulong, sa gayo'y makikita mo kung paano sila magsalita at may pagmamalaki sa kanilang sarili; huwag maging kabilang sa ganoong uri ng mga tao. Ang aklat ng Kawikaan ay nagsasabi na ang mga tao ay nakikilala sa papuri na kanilang natatanggap, ***"Ang sangagan ay sa pilak, at ang hurno ay sa ginto, at ang tao ay nasusubok sa pamamagitan ng kaniyang pagpuri." (Kawikaan 27:21)*** Ang pilak ay susuriin sa pamamagitan ng sangagan. Ang ginto ay masusuri at ang mga bahagi nito ay mapapatunayan sa pamamagitan ng pugon ng apoy. Ngunit ang tao ay susuriin at kung ano ang nasa loob niya ay mahahayag sa kanyang natanggap mula sa papuri at parangal. Ngunit ang tao ay masusubok at kung ano ang nasa loob niya ay mahahayag sa kung anong kanyang tinanggap mula sa papuri at parangal.

Si Ruth ay nagtaka kung bakit siya nakatagpo ng pabor sa paningin ni Boaz. Tinanong niya siya, bkit siya interesado sa pangangalaga sa kanya nang nalaman niya ang kanyang salaysay, lalo na siya ay isang dayuhan. Bakit nagmamalasakit si Boaz kay Ruth? Ano ang nag-udyok sa kanya upang pangalagaan siya? Ang Banal na Kasulatan ay nagtuturo sa atin na sinabi ng Diyos sa Kanyang bayan na pangalagaan ang mga taga ibang lupa. Bakit si Boaz ay nagmamalasakit kay Ruth? Maaring ito ay dahil sa narinig niyang mabuting ulat tungkol sa kanya, o siya ay napahanga sa mabuting ulat na kanyang tinanggap mula sa kanyang alipin, ngunit ganon din siya ngayon ay mas higit na handang tulungan siya at paunlakan siya sapagkat siya ay taga ibang lupa, sapagkat iniutos ng Diyos sa Kanyang bayan na pangalagaan ang mga taga ibang lupa.

***"At ang taga ibang lupa ay huwag mong aapihin, o pipighatiin man; sapagka't kayo'y naging taga ibang lupa sa lupain ng Egipto." (Exodu 22:21) "At kung ang isang taga ibang bayan ay nakikipamayan na kasama ninyo sa inyong lupain, ay huwag ninyong gagawan ng masama." (Levitico 19:33)*** Ang Salita apihin ay nanganghulugang mayamot, hindi nasisiyahan, inis o magalit. Huwag nating dapat  gawin ang ganoon patungo sa mga dayuhan na ipinadala ng Diyos sa atin o kapag nakakilala tayo ng ganoong mga tao, ang mga taga ibang lupa, sa ating buhay huwag dapat natin silang saktan.

"***At ang taga ibang lupa ay huwag mong pipighatiin sapagka't talastas ninyo ang puso ng taga ibang lupa, yamang kayo'y naging mga taga ibang lupa, sa lupain ng Egipto." (Exodu 23:9)*** Upang pighatiin ay ibig sabihin ay ibaba, maniil, mangibabaw, o magpasakop.  Dapat huwag nating abusuhin at pagsamantahan ang mga taga ibang lupa. Sinalita ng Diyos sa Kanyang bayan "***sapagka't talastas ninyo ang puso ng taga ibang lupa".*** Sila ay bago sa lugar, wala silang kilala sa lugar, sila'y malayo mula sa kanilang mga pamilya at kamag-anak, at sila'y malayo sa kanilang tahanan, sa kanilang komportableng pagkain, inumin, higaan at komportaleng pakikipag-ugnayan. Sinabi Niya sa kanila "***yamang kayo'y naging mga taga ibang lupa, sa lupain ng Egipto."*** Ibig sabihin ikaw ay inabuso, pinighati, nagtrabaho ng labis, at nasaktan, at naramdaman mo ito, kaya huwag gawin iyon sa mga taga ibang lupa. Kaya nga kapag ang ganoon ay hindi pinatupad lilipulin ng Diyos ang bansa na hindi nagsasagawa ng pagngangalaga para sa mga taga ibang lupa. Sa mga nang-aabuso sa mga taong nasa pangangalaga nila, ay haharapin ang katulad. Kaya't kung ikaw ay naging dayuhan, tinawag ka ng Diyos ngayon na mas higit na may pananagutan sa pangangalaga sa mga taga ibang lupa.

***"Anim na araw, na iyong gagawin ang iyong gawain, at sa ikapitong araw, ay magpapahinga ka: upang ang iyong baka at ang iyong asno ay makapagpagpahinga; at ang anak na lalake ng iyong aliping babae, at ang taga ibang lupa ay makapagpahinga." (Exodu 23:12)*** Ang Panginoon dito ay inutusan ang mga Israelita na gumawa sa anim na araw at sa ikapitong araw kailangang nilang magpahinga, gayundin ang mga hayop, ang kanilang mga alipin at ang mga dayuhang kasama nila, ay sila'y makapagpahinga. May mga pagkakataon ang mga may kapangyarihan ay magpapahinga ngunit ang mga dayuhan at ang mga alipin at ang mahihina ay ipinagkakait ang kanilang bakasyon. Ang mga kumpanyang hindi nagbibigay sa kanilang manggagawa ng isang araw na pahinga sa bawat isang linggo ay maapektuhan. Hahatulan sila ng Diyos dahil inaapi nila ang kanilang mga tauhan. Kailangan nating magtrabaho ng anim na araw at magpahinga sa ikapitong araw upang manariwa ang

lakas. Gayundin kailangan nating mapanariwa ang mga hayop natin, ang ating mga alipin at ang mga dayuhan na kasama natin.

***"At huwag ninyong sisimutin ang inyong ubasan, ni huwag ninyong pupulutin ang bungang nahulog sa inyong ubasan; sa dukha at sa taga ibang bayan, pababayaan ninyo: ako ang Panginoon ninyong Dios." (Levitico 19:10) "At pagka inyong aanihin ang ani sa inyong lupain, ay huwag ninyong pakakaanihin ang mga sulok ng inyong bukid, ni pamulutan ang inyong naanihan: sa dukha at sa taga ibang lupa inyong ititira: ako ang Panginoon ninyong Dios." (Levitico 23:22)*** Narito ang Panginoon ay inutusan ang Kanyang bayan kapag aanihin nila ang kanilang lupain, at tinipon ang kanilang mga ubas ay huwag sisimutin pagkatapos nilang mag-ipon at mag-ani, ngunit kailangan nilang pabayaan ito sa dukha at sa mga taga ibang lupa upang makakain at matustusan; upang may makain sila kapag sila'y dumaan sa lupain.

***"Ang taga ibang bayan na nakikipamayan na kasama ninyo, ay inyong aariing tubo sa lupain, at iibigin ninyo na gaya ng sa inyong sarili; sapagka't naging taga ibang bayan kayo sa lupain ng Egipto: ako ang Panginoon ninyong Dios." (Levitico 19:34)*** Narito ang Panginoon ay sinabi sa Kanyang bayan at sa atin ngayon upang ibigin ang mga taga ibang lupa? Paano natin sila iibigin? Huwag apihin sila, huwag tuksuhin sila, huwag abalahin sila, huwag pighatiin sila, huwag abusuhin sila, o huwag pigilan ang kanilang mga karapatan, kundi sa pagbabahagi sa kanila ng kasaganaan ng ani na mayroon tayo. Para ibigin ang mga taga ibang lupa ay isang mabuting paraan para mag-ebanghelyo at ipalaganap ang Salita ng Diyos sa mga ipinapadala ng Diyos sa atin, at dapat gawin natin iyon ng maayos.

***"Magkakaroon kayo ng isa lamang kautusan sa taga ibang bayan, na gaya sa tubo sa lupain: sapagka't ako ang Panginoon ninyong Dios." (Levitico 24:22) "Isang kautusan at isang ayos ay magkakaroon sa inyo, at sa taga ibang bayan sa nakikipamayan sa inyo." (Bilang 15:16)*** Narito ang Panginoon ay itinuro sa atin na kailangang magkaroon tayo ng parehong alintuntunin at kautusan para sa mga mamamayan at para sa mga dayuhan. Hindi dapat tayong magkiling. Ang mga ayaw sumunod sila ay didisiplinahin ng Panginoon.

***"Huwag mong ililiko ang matuwid ng taga ibang bayan, ni ng ulila; ni huwag mong kukuning sangla ang damit ng babaing bao:" (Deutronomio 24:17)*** Dito rin inutusan sila ng Panginoon na huwag baluktutin ang hustisya at abusuhin ang mahihina kapag sila ay gagawa ng paghatol tungkol sa batas. Haharapin ng Diyos ang mga bumabaluktot sa katarungan at ilihis ito mula sa mga dukha. ***"Sumpain yaong magliko ng matuwid ng taga ibang bayan, ng ulila at ng babaing bao. At ang buong bayan ay magsasabi, Siya nawa." (Deutronomio 27:19)*** Huwag dapat tayong manamantala sa mga dukha dahil sila'y walang tinig at hindi makapagreklamo sapagkat sila'y mahihina at walang kapangyarihan.

***"Iniingatan ng Panginoon ang mga taga ibang lupa; kaniyang inaalalayan ang ulila at babaing bao; nguni't ang lakad ng masama ay kaniyang ibinabaligtad." (Awit 146:9)*** Iniingatan at pinapanatili ng Diyos ang mga dayuhan at yaon ay kung paano Niya ipakilala ang Kanyang sarili sa kanila. Pinanatilli Niya sila sapagkat sila'y mahihina. Maalala mo sa ilang mga pagkakataon kapag ikaw ay lumilipat sa bagong lugar na wala kang kakilala kahit isa, at makikita mo ang iyong sarili na na napapalibutan ng mga tao na nariyan upang tulungan ka; iyon ay kung paanong pangalagaan ng Diyos ang mga dayuhan.

Ang Diyos ay walang pagtatangi, sapakat itinuturing niya ang lahat ng magkakatulad. Siya ay walang pagsaalang-alang sa tao kung ito man ay mayaman o dukah, kung ito man ay mula sa lupian o dayuhan. Tangotatanggo; Niya ang mga dayuhan (Gayundin ang dukha, ang ulila, at balo); Iniibig Niya sila at iniingatan ang kanilang mga Karapatan. At inuutusan Niya tayo na gawin ang katulad: ***"17 Sapagka't ang Panginoon ninyong Dios, ay siyang Dios ng mga dios, at Panginoon ng mga panginoon, siyang dakilang Dios, siyang makapangyarihan at siyang kakilakilabot, na hindi nagtatangi ng tao ni tumatanggap ng suhol. 18Kaniyang hinahatulan ng matuwid ang ulila at babaing bao, at iniibig ang taga ibang lupa, na binibigyan niya ng pagkain at kasuutan. 19Ibigin nga ninyo ang taga ibang lupa: sapagka't kayo'y naging taga ibang lupa sa lupain ng Egipto." (Deutronimio 10:17-19)*** Narito ang Panginoon ay hiniling sa mga Israelita na ibigin at pangalagaan ang taga ibang lupa sa Egipto at nalalaman nila kung paano maging taga ibang lupa. Tingnan dito inulit nang maraming beses sa Banal na Kasulatan at pinaulit-ulit sa Bibliya ay upang turuan tayo sa pamamagitan ng pag-uulit ng mga bagay sa atin.

Isang paraan upang ipakita ang pagibig sa dayuhan ay kapag itinuring natin sila tulad ng pakikitungo natin sa ating sarili at sa ating mga pamilya at sa mga taong malapit sa atin sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila at sa pagbabahagi sa kanila, at sa pagbabahagi sa kanila ng pagkain, tirahan, at pananamit. ***"11 At magagalak ka sa lahat ng magaling na ibinigay sa iyo ng Panginoon mong Dios, at sa iyong sangbahayan, ikaw, at ang Levita, at ang taga ibang lupa na nasa gitna mo.13 Pagkatapos mo ng pagbibigay ng buong ikasangpung bahagi ng iyong pakinabang sa ikatlong taon, na siyang taon ng pagbibigay ng ikasangpung bahagi, ay magbibigay ka nga rin sa Levita, sa taga ibang lupa, sa ulila, at sa babaing bao, upang sila'y makakain sa loob ng iyong mga pintuang-daan, at mabusog; 13At iyong sasabihin sa harap ng Panginoon mong Dios,***

***Aking inalis ang mga pinapaging banal na bagay sa aking bahay, at akin ding ibinigay sa Levita, at sa taga ibang lupa, sa ulila at sa babaing bao, ayon sa iyong madlang utos na iyong iniutos sa akin: hindi ko sinalangsang ang anoman sa iyong mga utos, ni kinalimutan ko:" (Deutronomio 26:11-13)*** Dito matutunan natin kapag dinala natin ang ating ikapu sa Panginoon, ang ilang bahagi ng ikapu ay maibibigay sa mga Levita, ang mga manggagawa ng walang hanapbuhay, sa mga balo, sa mga ulila, at sa mga dayuhan. Kaya talagang nais ng Diyos sa atin na magkaroon ng ilang salapi sa mga taga ibang lupa. Sa ating pinagkukunang-yaman ang 5 porsyento ng itinatabi para sa maralita at sa nangangailangan.

Nais ng Diyos sa atin na gawin ang lahat ng nasa itaas sa gayo'y ating maabot ang mga dayuhan ng Salita ng Diyos. ***"Pisanin mo ang bayan, ang mga lalake at mga babae at mga bata, at ang iyong taga ibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan, upang kanilang marinig, at upang kanilang pagaralan, at matakot sa Panginoon mong Dios, at isagawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito;" (Deutronomio 26 :12)*** Hindi lamang nais ng Diyos sa atin na ibigay sa mga taga ibang lupa ang lahat ng atiing nabanggit ng mga pribelihiyo; pagkain, matutuluyan, damit, tulong, hustisya, ngunit karagdagan doon ay kailangan nating ibigay ang Salita ng Diyos sa gayo'y kanilang masunod na gawin ang lahat ng Salita ng Diyos sa Kautusan upang sila'y higit na pagpalain.

***''34 Kung magkagayo'y sasabihin ng Hari sa nangasa kaniyang kanan, Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan: 35Sapagka't ako'y nagutom, at ako'y inyong pinakain; ako'y nauhaw, at ako'y inyong pinainom; ako'y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy; 36Naging hubad, at inyo akong pinaramtan; ako'y nagkasakit, at inyo akong dinalaw; ako'y nabilanggo, at inyo akong pinaroonan. 37Kung magkagayo'y sasagutin siya ng mga matuwid, na mangagsasabi, Panginoon, kailan ka namin nakitang nagutom, at pinakain ka namin? o nauuhaw, at pinainom ka? 38At kailan ka naming nakitang isang taga ibang bayan, at pinatuloy ka? o hubad, at pinaramtan ka? 39At kailan ka namin nakitang may-sakit, o nasa bilangguan, at dinalaw ka namin? 40At sasagot ang Hari at sasabihin sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa." (Mateo 25:40)*** Sa talinghangang ito ni Jesus tungkol sa Kanyang pangalawang pagparito, sinalita NIya ang tungkol ang sa Kanyang mga alagad, na inaakala na nagmamalasakit sa mga mananampalataya at dukha. Ang mga dayuhan dito ay ang mga mananampalataya kay Cristo (dahil sinabi ni Jesus ang tungkol sa kanila) "***Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid.",*** na buhat sa ibang lugar at sila ay ang ating tapat na mga kapatiran na kapatid ni Jesus, na nabubuhay para sa Kanya at nalulugod na maglingkod sa Kanya, ngunit sila'y nagdurusa at nangangailangan at tayo ay tinawag upang pangalagaan sila at paginhawain sila; bigyan ng pagkain sila, inumin, kanlungan sila at dalhin sila sa ating tahanan, alagaan sila sa kanilang mga karamdaman, dalawin sila habang sila ay nasa bilangguan at paginhawain sila kapag sila'y pinag-uusig alang-alang kay Cristo. Kung gagawin natin iyong nang may kagalakan at kusang-loob ang Panginoon ay pagpapalain tayo at gagantimpalaan tayo, hindi lamang dito sa lupa, kundi higit sa Langit, kapag Siya ay bumalik at kunin tayo kasama Niya upang makapiling Siya magpakailanman. Hinahanap ni Boaz ang pagsang-ayon at ang gantimpala ng Panginoon sa pangangalaga para sa mga dayuhan.

Ngunit kung tayo'y mabibigo at tanggihan ang sakripisyo at gawin ang ating gawainn sa mga kapatiran na nasa kapighatian sa gayon tayo ay hahatulan ng Panginoon, ***"41 Kung magkagayo'y sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, Magsilayo kayo sa akin, kayong mga sinumpa, at pasa apoy na walang hanggan na inihanda sa diablo at sa kaniyang mga anghel: 42Sapagka't ako'y nagutom, at hindi ninyo ako pinakain; ako'y nauhaw, at hindi ninyo ako pinainom; 43Ako'y naging isang taga ibang bayan, at hindi ninyo ako pinatuloy; hubad, at hindi ninyo ako pinaramtan; maysakit at nasa bilangguan, at hindi ako dinalaw. 44Kung magkagayo'y sila nama'y magsisisagot, na magsisipagsabi, Panginoon, kailan ka namin nakitang nagugutom, o nauuhaw, o isang taga ibang bayan, o hubad, o may-sakit, o nasa bilangguan, at hindi ka namin pinaglingkuran? 45Kung magkagayo'y sila'y sasagutin niya, na sasabihin, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na yamang hindi ninyo ginawa sa maliliit na ito, ay hindi ninyo ginawa sa akin. 46At ang mga ito'y mangapaparoon sa walang hanggang kaparusahan: datapuwa't ang mga matuwid ay sa walang hanggang buhay.'" (Mateo 25:41-45)*** Ang ating mga tungkulin sa ating mga kapatid at sa mga taga ibang lupa nasasa atin na nagmula sa ibang lupain ay bigyang pagkain, inumin, pananamit, pag-aliw, pagdalaw, katiyakan at tulungan sila sa kanilang mga pangunahing pangangailangan.

Pinalawig ni Apostol Juan ang kapareho sa Kanyang sulat: ***"5 Minamahal, ginagawa mo ang tapat na gawa sa lahat ng iyong ginagawa doon sa mga kapatid at sa mga taga ibang lupa; 6Na siyang nangagpapatotoo ng iyong pagibig sa harapan ng iglesia: na iyong gagawan ng magaling kung iyong tutulungan sila ng nararapat sa Dios, sa kanilang paglalakbay: 7Sapagka't dahil sa Pangalan, ay nangagsiyaon sila na walang kinuhang anoman sa mga Gentil. 8Nararapat nga nating tanggaping mabuti ang mga gayon, upang tayo'y maging kasama sa paggawa sa katotohanan." (3 Juan 1:5-8)*** Tinagubilinan ni Apostol Juan ang mga kapatid na tumanggap at umalalay sa mga kapatid na iyon at sa mga dayuhang kabilang sa kanila na nagpapatotoo para kay Cristo, at inirekomenda niya ang simbahan na patuloy na ipakita sa kanila ang pagmamahal at

pangangalaga. Ngayon kailangan din nating malaman kung sino ang kailangan nating tulungan. Kailangan nating alamin kung sino ang tunay sa kanila dahil marami sa ngayon ang gumagamit ng Salita ng Diyos para samantahin ang simbahan at ang mga kapatid na umiibig sa Diyos, o ginagamit nila ang ministerio para mabuhay, o para masiyahan sa buhay, o maglakbay sa magagandang lugar para sa turismo. Kaya't kailangan nating malaman kung kanino nating dapat ibigay ang tulong at suporta. Sinabi ni Juan sa talatang ito, "7 ***Sapagka't dahil sa Pangalan, ay nangagsiyaon sila na walang kinuhang anoman sa mga Gentil. 8Nararapat nga nating tanggaping mabuti ang mga gayon, upang tayo'y maging kasama sa paggawa sa katotohanan." (3 Juan 1:7-8)*** Sa mga karapat-dapat para sa tulong sapagkat hindi sila nakatanggap ng tulong mula sa mga Hentil na kanilang inaabot kundi pag-uusig at kaguluhan. Kaya't kailangan nating alamin ang tunay na kalagayan ng mga kapatid at ng taga ibang lupa at kunin kung sino ang tinatawag ng Diyos upang tayo ay tulungan.

Karagdagang sinalita ni Apostol Juan ang tungkol sa dalawang magkapatid, ang una ay si Diotrepes, na masama sa hindi pagtanggap sa mga Kapatid na ipinadala ng simbahan at hindi pinahintulutan ang ibang kapatid na tanggapin sila. Sinabi ni Juan sa kanila huwag sundan ang ganoong kasamaan. Sa mga gumagawa ng ganoon ay hindi nakikita ang Diyos, sapagkat tinanggihan nila ang gawin ang mabuti. Ngunit itinagubilin ni Juan si Demetrius na gumagawa ng mabubuting bagay patungo sa mga kapatid at sa taga ibang lupa sa kanila na ipinadala ng simbahan. ***"9 Ako'y sumulat ng ilang bagay sa iglesia: datapuwa't si Diotrefes na nagiibig magkaroon ng kataasan sa kanila, ay hindi kami tinatanggap. 10Kaya't kung pumariyan ako, ay ipaaalaala ko ang mga gawang kaniyang ginagawa, na nagsasalita ng masasamang salita laban sa amin: at hindi nasisiyahan sa ganito, ni hindi man niya tinatanggap ang mga kapatid, at silang mga ibig tumanggap ay pinagbabawalan niya at pinalalayas sila sa iglesia.11 Minamahal, huwag mong tularan ang masama, kundi ang mabuti. Ang gumagawa ng mabuti ay sa Dios: ang gumagawa ng masama ay hindi nakakita sa Dios. 12Si Demetrio ay pinatototohanan ng lahat, at ng katotohanan: oo, kami man ay nagpapatotoo rin; at nalalaman mo na ang aming patotoo ay tunay." (1 Juan 1:9-12)***

Sumulat si Pablo kay Timoteo ng pamantayan upang tulungan ang mga balo. Ang isa sa mga punto na ang balo ay ipinapayo para tulungan ay yaong siya ay nakatanggap at nagpatuloy ng taga ibang lupa. ***"Na may mabuting patotoo tungkol sa mabubuting gawa; kung siya'y nagalaga sa mga anak, kung siya'y nagpatuloy sa mga taga ibang bayan, kung siya'y naghugas ng mga paa ng mga banal, kung siya'y umabuloy sa mga napipighati, kung ginanap niya na may kasipagan ang bawa't mabuting gawa." (1 Timoteo 5:10)*** Sa mga tumanggap sa taga ibang lupa at pinangalagaan sila, ipinagtanggol sila at tinustusan ang kanilang pangunahing pangangailangan, tinatanggap nila ang Diyos. Tinanggap ni Rahab ang mga maniniktik, na taga ibang lupa, at siya ay naligtas, inaring-ganap at ginantimpalaan para ginawaing iyon. ***"Sa pananampalataya'y hindi napahamak na kasama ng mga manunuway, ang patutot na si Rahab, na tumanggap na payapa sa mga tiktik." (Hebreo 11:31) "24 Nakikita ninyo na sa pamamagitan ng mga gawa'y inaaring ganap ang tao, at hindi sa pamamagitan ng pananampalataya lamang. 25At gayon din naman hindi rin baga si Rahab na patutot ay inaring ganap sa pamamagitan ng mga gawa, dahil sa tinanggap niya ang mga sugo, at kaniyang pinapagdaan sila sa ibang daan? 26Sapagka't kung paanong ang katawan na walang espiritu ay patay, ay gayon din ang pananampalataya na walang mga gawa ay patay." (Santiago 2:24-25)*** Si Rahab ay ginantimpalaan para sa gawang ito. Siya ay naligtas at ang kanyang pamilya, at itinayo ng Diyos ang kanyang pamilya kabilang sa bayan ng Diyos.

Kaya namang sinabi ni Apóstol Pablo, ***"Huwag ninyong limutin ang pagpapakita ng pagibig sa mga taga ibang lupa: sapagka't sa pamamagitan nito ang iba'y walang malay na nakapagpapatuloy ng mga anghel." (Hebreo 13:2)*** Pinaunlakan ni Lot ang taga ibang lupa na mga anghel ng Diyos na ipinadala Niya upang lipulin ang Sodom at ang mga lungsod sa palibot nito. Sila ang nagligtas kay Lot at sa kanyang pamilya. Sila ang parehong anghel na kasama ng Diyos at tinanggap ni Abraham. Gagantimpalaan ng Diyos tayo gaya ng pagpapaunlak at pangangalaga natin para sa mga taga ibang lupa.

Si Ruth ay namangha nang itinuring siya ng mabuti ni Boaz, sapagkat wala siyang kamalayan na ito ang kautusan ng Diyos sa Kanyang bayan, at sila'y pinagpala kapag ginawa nila iyon.

Ang dalawang alagad sa daanan ng Emmanus ay inaliw ni Jesus at pinilit siyang manatili sa kanila ng magdamag. ***"28 At sila'y malapit na sa nayong kanilang paroroonan: at naganyo siyang wari may paroroonang lalo pang malayo. 29At siya'y kanilang pinigil, na sinasabi, tumuloy ka sa amin, sapagka't gumagabi na, at kumikiling na ang araw. At pumasok siya upang tumuloy sa kanila. 30At nangyari, nang siya'y nakaupo na kasalo nila sa dulang ng pagkain, ay kaniyang dinampot ang tinapay at binasbasan; at ito'y pinagputolputol, at ibinigay sa kanila. 31At nangabuksan ang kanilang mga mata, at siya'y nakilala nila; at siya'y nawala sa kanilang mga paningin. 32At sila-sila'y nangagsabihan, Hindi baga nagaalab ang ating puso sa loob natin, habang tayo'y kinakausap niya sa daan, samantalang binubuksan niya sa atin ang mga kasulatan?" (Lucas 24:28-31)*** Hindi ipinahayag ni Jesus ang Kanyang sarili sa kanila, na parang

sinusubok Niya sila kung pangangalagaan nila Siya. Nang tinanggap nila Siya ang Diyos ay nasasa kanilang tahanan.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ating italaga ang ating sarili sa ating narining mula sa Salita ng Diyod, at simulang ipatupad sa ating buhay nang may pagkilala kung paano at kanino natin ipapatupad ang pagbibigay ng pangangalaga sa taga ibang lupa o sa mga dukha na ipapadala ng Diyos sa ating buhay.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos, Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon ako'y nagpapasalamat para sa iyong Salita at sa iyong katuruan na aking natanggap sa mensaheng ito.*
*Hilingin sa Diyos ang kapatawaran para sa lahat ng iyong mga kasalanan, pagmamataas, at lalo na kung ikaw ay walang ingat tungkol sa pangangalaga para sa taga ibang lupa at sa mga nasa kaguluhan at sa ngangailangan. Panginoon patawarin ako at ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan.*

*Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili sa katuruan na aking natanggap mula sa iyong Salita sa mensaheng ito upang gawin at upang isagawa ito sa aking buhay. Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili para pangalagagang ang mga taga ibang lupa na iyong ipinadala sa aking buhay, gayundin sa mga kapatid na naglilingkod sayo at naglalakbay dahil sila'y pinag-uusig at ginagawan ng masama, at lahat ng mga dukhan na pinahintulutan mong dumating sa aking buhay mula sa mga taong may karamdaman, mga bilanggo, ulila at balo. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili para ipakita ang bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kagalakan, mahabang pagtitiis, at ang lahat ng bunga upang makita ng iba si jessu sa aking buhay.*

*Panginoon aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na lalaki at babae na itinalaga ang kanilang sarili sa mga simulain ng mensahe. Panginoon bigyan sila ng pagkilala kung paano ipatupad iyon sa kanilang buhay. Panginoon gantimplaan sila sa bawat gawa ng kabutihan na iyong itinagubulin sa kanila upang gawin.*

*Panginoon aking ipinapanalangin na iyo kaming tulungan bilang isang simbahan upang ipatupad ang iyong Salita sa pag-abot at pagtulong sa taga ibang lupa, sa may karamdaman, sa dukha, sa mga ulila, sa mga balo, sa mga nasa bilangguan, at sa lahat ng mga nangangailangan. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu upang kami'y makaparoon at magebanghelyo at gawing mga alagad at buuin ang gawa na iyong ipinagkatiwala sa amin upang gawin. Panginoon tupariin ang iyong pananaw sa simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan ng buong kalooban ng Diyios'. anginoon tulungan kaming makapagtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawasakin ang aming lupian, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.